# PINATAWAD NG DIYOS

GOSPEL 316

***"Mapalad ang taong pinatawad na ang kasalanan, at pinatawad rin sa kanyang mga pagsalangsang!"* Salmo 32:1**

Ang maling mga bagay na ginagawa natin (tinatawag sa Biblia na mga kasalanan) ang naghihiwalay sa atin mula sa Diyos. Kailangang patawarin tayo ng Diyos para maging karapatdapat sa Diyos … para maging handa sa kawalang-hanggan. Ang kapatawaran sa Biblia ay hindi sinasabi ng Diyos na hindi Niya papansinin ang mga kasalanang iyon at aalisin ang walang hanggang kaparusahan para sa mga kasalanang iyon. Hindi, dapat bayaran ang parusang iyon. Ang mabuting balita (ang Ebanghelyo) ay yaong nauna nang binayaran ni Jesus [ang walang kasalanang Diyos na naging tao] ang parusang iyon para sa iyo ng Kanyang dugo sa pagpakamatay sa Krus. Sa isang diwa, Siya ang pumalit sa iyo. Si Jesus ay naging sakripisyong kapalit para sa iyo. Subalit hindi sapat iyon. Ang pagbabayad na iyon ay kailangang mailapat sa iyo … na-kredito sa iyong account. Ang mahalagang tanong ay, Paano ito nangyayari? Nangyayari ito at biglang ikaw ay magsisi (bumalik sa Diyos mula sa iyong mga kasalanan) at manampalataya kay Jesus. At gayon, at gayon lamang, ikaw ay pinatawad ng Diyos.

## *ANG ATING PROBLEMA … PAGKAWALAY*

*"Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."* Roma 3:23

*"Ang masasama ninyong gawa ang dahilan ng pagkawalay ninyo sa Diyos. Nagkasala kayo kaya hindi ninyo siya makita, at hindi niya kayo marinig."* Isaias 59:2

*"Na may naglalagablab na apoy. Parurusahan ang lahat ng hindi kumikilala sa Diyos at hindi sumusunod sa Magandang Balita ng Panginoong Jesus. Magdurusa sila ng walang hanggang kapahamakan at mahihiwalay sila sa Panginoon at sa dakila niyang kapangyarihan."* 2 Tesalonica 1:8-9

*"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."* Roma 6:23

*"Sapagkat noong tayo'y mahihina pa, namatay si Cristo sa takdang panahon para sa mga makasalanan."* Roma 5:6

## *ANG SOLUSYON NG DIYOS … ANG PAGPAPALIT*

*"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."* Juan 3:16

*"Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos, kundi tayo ang inibig niya at isinugo niya ang kanyang Anak upang maging handog para mapatawad ang ating mga kasalanan* [sapat na sakripisyo] *para sa ating mga kasalanan."* 1 Juan 4:10

*"Ngunit pinatunayan ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa."* Roma 5:8

*"Sa kanyang pagkamatay sa krus, pinasan niya ang ating mga kasalanan upang tayo'y mamatay na sa kasalanan at mamuhay nang ayon sa kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan ng kanyang mga sugat, kayo'y pinagaling."* 1 Pedro 2:24

*"Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa Kanya* [Jesus], *ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos."* Juan 1:12

## *ANG IYONG LANDAS TUNGO SA KAPATAWARAN … ANG MANAMPALATAYA KAY JESUS*

*"Siya ang tinutukoy* [Jesus] *ng mga propeta nang kanilang ipahayag na ang bawat sumampalataya sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran,"* Mga Gawa 10:43. *"Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y kaloob ng Diyos at hindi mula sa inyong sarili; 9 hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang maipagmamalaki ang sinuman,"* Efeso 2:8-9. Maaari kang manampalataya (hindi lamang manampalataya tungkol) kay Jesus sa pamamagitan ng pagsisisi … iyon ay, sa pamamagitan ng pagbabalik-loob kay Jesus nang may pananalig. Ang panalanging ito ay isang paraan para magawa mo iyon. Ito ay hindi isang panunumpa o incantation. Ipagdasal ito kung ito ay tunay na pagnanais ng iyong puso.

**Mahal kong Diyos,**
**Inaamin ko ang pangangailangan ko ... ako ay isang makasalanan.**
**Nagsisisi ako ... bumabalik ako sa Iyo mula sa aking kasalanan.**
**Nanampalataya ako kay Jesus ... na bilang Diyos, Siya ay namatay sa krus para sa akin.**
**Inaanyayahan ko Siya na maging Tagapagligtas ko.**
**Amen**

Binayaran ni Jesus ang parusa ng iyong mga kasalanan. At sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus, ang kanyang bayad ay naging bayad mo na rin.

Pinatawad ka ng Diyos. At sinabi ni Jesus na ikaw ay ligtas sa buong kawalang-hanggan, Juan 3:16.

**Kung taos-puso mong dinasal ang panalanging iyon,** ikaw ay pinatawad ng Diyos at ligtas ka sa Kanyang piling sa buong kawalang-hanggan. Ang sakripisyong kamatayan ni Jesus ay nagbigay sa iyo ng kapatawaran. Ipinangako ng Diyos na ikaw ay mayroon na ngayong buhay na walang hanggan bilang kasalukuyan mong pag-aari… na ikaw ay hindi hahantong sa paghatol … at lumipas ka mula sa kamatayan tungo sa buhay, Juan 5:24. Ikaw ay ligtas dahil walang sinuman ang makaaagaw sa iyo mula sa Kanyang makapangyarihang kamay. Kumakapit Siya sa iyo kaysa ikaw ang kumakapit sa Kanya. Sabi ni Jesus, *"Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan. Kailanma'y hindi sila mapapahamak at hindi sila maaagaw sa akin ninuman. Ang aking Ama na siyang nagbigay sa kanila sa akin ay lalong dakila sa lahat at hindi sila maaagaw ninuman sa aking Ama,"* Juan 10:28-29.

**Kung hindi ka pa handang sabihin ang panalanging iyon,** gawin itong pinakamataas mong prayoridad. Ang desisyon mo ay pangwalang-hanggan ang kahalagahan at kahihinatnan. Wala nang pangalawang pagkakataon sa kabila ng libingan, *"Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom,"* Hebreo 9:27. Kung mayroon kang mga tanong na hindi nasasagot na humahadlang sa iyong desisyon, kausapin ang taong nagbigay nito sa iyo.

## Mga Ilustrasyon at Mga Kahulugan

**Kapatawaran.**
Kapatawaran. Sa Biblia, ang kapatawaran ay nangangahulugan ng pagbabayad ng parusa sa ating mga kasalanan. Ang parusa para sa kasalanan ay walang hanggang pagkakahiwalay mula sa Diyos. Ang kapatawaran ay ang paglilipat ng iyong kasalanan at ang kaparusahan nito mula sa iyo tungo kay Jesus. Ibinigay ng Diyos ang ating mga kasalanan at kaparusahan sa walang-sala na si Jesus. At pagkatapos ay ibinigay ng Diyos ang Kanyang katuwiran sa atin. Ito ay parang may dalawang aklat sa langit. Ang una, iyong aklat ng rehistro, na mayroong marka sa loob nito para sa bawat maling bagay na nagawa mo. Ang mga pahina nito ay puno ng mga marka. Nilinaw ng Biblia na may ilang mga bagay na ginagawa natin ay kasalanan (mga kasalanan ng paggawa) at ilang mga bagay na hindi natin ginagawa ay kasalanan (mga kasalanan sa hindi paggawa). Minsan kahit ang ating mga iniisip ay maaaring maging kasalanan. Ang tatlong kasalanan kada araw ay katumbas ng 1,000 kada taon. Sa buong buhay, iyan ay napakaraming kasalanan. Ang isa pang aklat ay ang aklat ng walang-sala na si Jesus. Ang mga pahina ay malinis at walang mantsa. Kapag ikaw ay naniniwala kay Jesus, ito ay parang pagpapalit ng mga pabalat ng dalawang aklat. Sa ganoong paraan, magiging ganap na malinis ang aklat na may pangalan mo. Wala na ang iyong kasalanan at ang kaparusahan nito.

**Isang tunay na solusyon.**
Sabi ni Jesus, *"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Wala makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko,"* Juan 14:6. Ang solusyon ng Biblia sa ating paghihiwalay mula sa Diyos na dulot ng kasalanan ay natatangi. Ang ibang mga relihiyon ay inuutos sa atin na harapin ang walang hanggang panahon na may mga kasalanan natin, sa pag-asa na kung may anumang Diyos na naroroon ay hindi papansinin ang ating mga kasalanan. Ang paraan ni Jesus ay natatangi dahil pinatatawad nito ang ating mga kasalanan … hinuhugasan tayo. Pagkatapos ay haharap tayo sa Diyos at ang kawalang-hanggan na kung saan ang ating mga kasalanan ay binura dahil ito ay inilipat kay Jesus. Sinabi ni Apostol Pedro, *"Sa kanya lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat walang ibang pangalan sa buong daigdig na ibinigay ng Diyos sa mga tao upang tayo ay maligtas,"* Mga Gawa 4:12. Ang Apostol Pablo ay sumulat, *"Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus. Inihandog niya ang kanyang buhay upang tubusin ang lahat mula sa kasalanan. Ang katotohanang ito ay pinatunayan sa takdang panahon,"* 1 Timoteo 2:5-6. Ang paraan ni Jesus ay ang tunay na solusyon.

**Ang paniniwala kay Jesus.**
Ang paniniwala kay Jesus ay higit pa sa *paniniwala tungkol kay* Jesus. Isipin na ikaw ay isang pasahero ng eroplano na lumilipad nang mataas sa itaas ng mga bundok ng biglang ang lahat ng mga makina ay nagsimulang mag-uutal-utal at di gumagana. Ang eroplano ay bumubulusok at maaaring sasabog. Inutusan ng piloto ang lahat na isuot ng parachute at lumabas sa eroplano sa pamamagitan ng bukas na pinto. Alam mo na ang tungkol sa mga parachute. Nakita mo na sila sa TV. Subalit ngayon ito ay iba na. Ang paghakbang palabas sa nakabukas na pinto ng eroplanong iyon ay nangangailangan ng higit sa *paniniwala tungkol sa* isang parachute … ito ay nangangailangan ng *paniniwala sa* isang parachute. At ang ilang backpack ng hiker ay hindi gagana. Ang iyong kaligtasan ay nangangailangan ng tamang parachute … ang paghahakbang palabas na wala nito ay tiyak na kamatayan. Ang paghakbang palabas gamit ang isang parachute ay isang 100% pangako ng pananampalataya. Maaaring mayroon kang ilang mga pagdududa … ngunit ang kaligtasan ay nangangailangan ng buong pagtitiwala sa parachute. Si Jesus ang isang tunay na walang hangganang parachute. Humakbang ka sa pananampalataya. Manampalataya ka sa Kanya!

**Mga tagubilin sa pagprinta.** Iminungkahi ang kabilaan na pagprinta sa isang pahina. Iprinta na may kulay o sa itim at puti.

---

*Pinatawad Ng Diyos* © 2024 ay inilithala ng Acts One Eight at ito ay mula sa www.Gospel316.org. Maaari mong iprinta ng malaya, kopyahin, ipaskil, o i-mensahe ito nang hindi nabago kasama ang buong pahayag na ito. Gayunpaman, maaari mong idagdag dito ang pangalan o logo ng iyong ministeryo o simbahan. Ang Acts One Eight ay nakabatay sa Biblia lamang. Ito ay umiiral para tumulong sa mga tao na manampalataya kay Kristo Jesus at para lumago upang maging Kanyang mga disipulo. Ang mga serbisyo sa pagsasalin para sa hindi Ingles na mga bersyon ay ibinibigay ng www.ChristianLingua.com. Ang mga sipi sa Biblia sa orihinal na bersyong Ang mga sipi ay mula sa Magandang Balita Biblia (MBBTAG). Ang mga sipi sa Biblia sa bersyong ito ay mula sa "ILAGAY ANG PANGALAN NG BIBLIA DITO".